



Gabay ng
Kliyente
sa Aking

Individual
Program
Plan
(Indibidwal
na Plano ng
Programa)



Alta California
Regional Center

Talaan ng Mga Nilalaman

Talahununganan ng mga Acronym.....	Pahina 2
Ano ang Individual Program Plan (IPP)?.....	Pahina 3
Ano ang ilang bagay na makikita ko sa aking IPP?...	Pahina 3
Ano ang ilang bagay na makikita ko sa aking IPP mula sa Alta California Regional Center?.....	Pahina 4
Mga Pinansyal na Benepisyo at Iba Pang Kita.....	Pahina 5
Mga Karaniwang Mapagkukunan.....	Pahina 6
Mga Tradisyonal na Serbisyo at Suporta.....	Pahina 7
Pagsang-ayon at Di-Pagsang-ayon.....	Pahina 7
Mga Pagkumpirma ng Service Coordinator.....	Pahina 9
Mga Notipikasyon at Pagpapayo.....	Pahina 10
Pagiging Maa-access.....	Pahina 13
Upang tapusin ang IPP.....	Pahina 14

Talahununganan ng mga Acronym

ACRC - Alta California Regional Center

CCS - California Children's Services

EPSDT - Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment

HCBA Waiver - Home and Community Based Alternatives Waiver

IHSS - In Home Supportive Services

IPP - Individual Program Plan

NOAs - Notices of Action

SC - Service Coordinator

SSA - Social Security

SSI - Supplemental Security Income

SSP - State Supplementary Payment

UCI - Unique Client Identification Number

Ano ang Individual Program Plan (IPP)?

Ang isang Individual Program Plan, o madalas tawaging IPP, ay isang plano para sa aking kinabukasan. Sinasabi nito kung sino ako at ano ang nais kong gawin. Inilalarawan nito ang aking mga kalakasan kabilang ang mga bagay na kaya kong gawin. Kasama rito ang aking mga inaasahan at pinapangarap para sa aking kinabukasan. Tinatalakay din nito ang tungkol sa mga suportang kailangan ko upang maabot ang aking mga layunin. Ang Service Coordinator ko mula sa Alta California Regional Center (ACRC) ay ang tutulong sa akin na gumawa ng aking IPP.

Alin ang ilang bagay na makikita ko sa aking IPP?

Kabilang sa bawat IPP ang:



Ang mga layunin ay ang mga bagay na nais kong pagsikapan.



Ang mga tunguhin o obhetibo ay ang mga paraan upang makita kung umuusad ako, mga hakbang na kailangan kong isagawa upang maabot ang aking mga layunin.



Ang mga Serbisyo at Suporta ay ang mga bagay na kailangan ko upang matulungan ako.



Ang mga pagtatasa ay mga impormasyon na nagtatalakay tungkol sa aking mga kalakasan at pangangailangan.

Maaaring pag-usapan ito sa miting tungkol sa akin upang tingnan kung nasaan na ako, ito ay isang punto ng pagsisimula para sa aking layunin. Tinatawag ng ACRC itong isang Kasalukuyang Katayuan.

Ano ang ilang bagay na makikita ko sa aking IPP mula sa Alta California Regional Center?

Ang **Unique Client Identification Number (UCI#)** ay isang numero na may pitong (7) digit na ginagamit ng ACRC upang tiyakin na ang impormasyon tungkol sa akin ay naka-save sa aking file o record. Nakakatulong ito kung sakaling may taong katulad ko ang pangalan. Ako lang ang may UCI number ko.



Ang mga **Natural na Suporta** ay ang pamilya at mga kaibigan na bahagi ng aking buhay. Maaari nila akong tulungan sa mga bagay-bagay o maging kasangkot sa iba pang paraan.

Ang **Karaniwan, Pribado at Iba Pang mga Mapagkukunan** ay mga serbisyo na makukuha mo kahit na hindi ka kliyente ng regional center. Ang mga **Karaniwang Mapagkukunan** ay mga serbisyo na maaari para sa lahat. **Ang mga Pribadong Mapagkukunan** ay partikular lang sa akin, tulad ng aking insurance (pangangalagang pangkalusugan) kung binabayaran ko o



ng magulang ko ito o kung nakuha ito mula sa pagtatrabaho. Ang ilan sa mga karaniwang mapagkukunan ay sinusuri upang tiyakin na nakukuha ko ang mga bagay na kailangan ko. Makikipag-usap sa akin ang aking Service Coordinator upang makita kung maaari akong makakuha ng mga bagay tulad ng pangangalagang pangkalusugan at pinansyal na mga benepisyo.

Mga Pinansyal na Benepisyo at/o Ibang Kita

Ang mga Pinansyal na Benepisyo at iba pang kita ay ang paraan upang makakuha ako ng pera para bayaran ang mga bagay na kailangan ko at nais ko.

Ang ilang karaniwang pinansyal na benepisyo na maaaring makuha ng mga kliyente ng regional center ay:

Supplemental Security Income (SSI) – kung may kapansanan ka at hindi makapagtrabaho nang sapat upang mabayaran ang mga pangangailangan mo, maaari kang makakuha ng SSI.

Ang SSI/State Supplementary Payment (SSP) - Kung makakuha ka ng SSI, makakakuha ka rin ng pera mula sa estado.

Social Security (SSA) - Kung nagtrabaho ang iyong mga magulang at nakakatanggap ng Social Security, maaari ka ring makakuha ng Social Security.

State Supplementary Payment (SSP) Restoration - maaaring bayaran ng regional center kung nakakakuha ka ng SSI at nakatira mag-isa.

Ang **Earned Income** ay perang nakukuha ko para sa pagtatrabaho.





Ang **Health Care Coverage** ay kung sino nagbabayad para sa aking mga medikal na pangangailangan, tulad ng pagpapatingin sa doktor o mga gamot na iniinom ko. Maaari itong [Medi-Cal or Covered California](#).

Mga Karaniwang Mapagkukunan

Ang **edukasyon** ay ang paaralang dinadaluhan ko kung nag-aaral pa rin ako

Ang **IHSS** ay In Home Supportive Services na binabayaran ng aking County para tulungan ako ng isang tao sa mga bagay-bagay na kailangan ko tulad ng pamimili, pagluluto at paglalaba ng mga damit ko.

Ang **EPSDT** ay Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment na maaaring magkaloob ng mga oras ng pangangalaga at iba pang bagay kung wala pa akong 21 taong gulang at nasa Medi-Cal.

Ang **CalFresh** ay isang card na magagamit ko upang makatulong sa pagbayad ng pagkain.

Ang **CCS** ay California Children's Services na makakatulong sa akin kung wala pa akong 21 taong gulang at kailangan ng therapy o kagamitan, tulad ng wheelchair o walker.

Ang **HCBA Waiver** ay Home and Community Based Alternatives Waiver na maaaring magkaloob ng mga oras ng pangangalaga at iba pang bagay kung ako ay higit 21 taong gulang at nasa Medi-Cal.



Mga Tradisyonal na Serbisyo at Suporta

Ang **Mga Tradisyonal na Serbisyo** at Suporta ay mga bagay na binabayaran ng regional center para matulungan akong matugunan ang aking mga layunin. Ililista ng aking IPP ang mga serbisyo na nakukuha ko mula sa regional center at sasabihin kung gaano karami ng naturang serbisyo ang dapat kong makuha at kung kailan ako dapat magsimula

Pagsang-ayon at Di-Pagsang-ayon




Maaari kong ipaalam sa aking Service Coordinator na sumasang-ayon ako sa aking plano.



Maaari kong ipaalam sa aking Service Coordinator na sumasang-ayon ako sa ilang bahagi ng aking plano ngunit hindi lahat nito.

Ang mga **Disputed Services (Tinututulang Serbisyo)** ay mga bagay na nais ko pa ring kasama sa aking IPP na hindi ko nakuha. Ililista ang mga serbisyong ito, at ipapadala sa akin ng regional center ang impormasyon tungkol sa kanilang desisyon at aking mga karapatan, ang tawag dito ay Notice of Action (NOA).

Makakakuha rin ako ng impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng isang taong magsusuri sa desisyon, ang tawag dito ay apela. Makakakuha ako ng higit na impormasyon tungkol sa [mga apela](#) sa website ng Alta California Regional Center.



Kung hindi ako sumang-ayon sa anumang bahagi ng aking plano, kailangang makipagmiting sa akin ulit ang regional center sa loob ng 15 araw. Maaari akong hindi makipagmiting ulit kung ayaw ko. Maaari akong makipagmiting nang mas matagal pa sa 15 araw kung gusto ko

Ang **Explore Access to Services (Pag-aralan ang Access sa mga Serbisyo)** ay mga bagay na gusto ko na nasa aking IPP, ngunit kailangan ko ng higit pang impormasyon para magdesisyon. Kukuha ang aking Service Coordinator ng higit pang impormasyon na kailangan ko tungkol sa serbisyo. Pipili kami ng petsa kung kailan kukuhanin ng aking Service Coordinator ang impormasyon na kailangan ko.

Sumasang-ayon sa pagtanggihan/iminumungkahing pagwawakas o pagbabawas - Ang pagtanggihan ay mga bagay na hiniling kong maisama sa aking IPP, ngunit sumasang-ayon akong ayos lang kung hindi maisama.

Ang **pagwawakas** ay mga bagay na nasa aking IPP na sumasang-ayon akong ayos lang na ihinto. Ang mga pagbabawas ay mga serbisyo na ayos lang sa akin na makuha nang mas kaunti.



Mga Pagkumpirma ng Service Coordinator

Ang **Pag-aralan ang paglipat sa [Self-Determination Program \(SDP\)](#)** ay nangangahulugan na nais kong mapili ang sarili kong mga serbisyo at tagapagkaloob na maaaring hindi inaprubahan bilang vendor sa regional center. Pinahihintulutan ako nitong pumili kung sino ang nais kong magkaloob ng aking mga serbisyo.

Ang Mga Pagkumpirma ng Service Coordinator (SC) ay mga bagay na sinabi sa akin ng aking Service Coordinator.

Ang Pahayag ng mga Serbisyo ay mga bagay na binayaran ng Alta California Regional Center (ACRC). Nakukuha ko ito kaya tinitiyak ko na nakukuha ko ang mga bagay na binabayaran ng ACRC.



Ang **Health Benefits Card (Card ng mga Benepisyong Pangkalusugan)** ay ang aking insurance card. Ibinabahagi ko ito para alam ng ACRC kung ano ang maaaring makuha ko mula sa aking insurance.

Ang **Mga Kasalukuyan o Pang-hinaharap na mga Pangangailangan at Hadlang** ay mga bagay na nais kong kasama sa aking IPP na maaaring nahihirapan akong makuha para sa anumang dahilan. Pinag-uusapan ito upang makapagplano ang regional center na gumawa ng mga bagong serbisyo.

Ang **Mga Hindi Natutugunang Pangangailangan** ay mga bagay na kailangan ko ngayon at hindi makuha. Maaaring gamitin ng ACRC ang impormasyong ito upang subukang gumawa ng mga bagong serbisyo.



Para sa mga nasa hustong gulang namumuhay nang mag-isa, ang pagsusuri ng IPP ay kailangang mangyari kada tatlong (3) buwan maliban kung ayaw kong makipagmiting nang ganun kadalas. Maaari akong makahiling na makipagmiting kada anim (6) na buwan o kada taon lang. Ginagawa ang pagsusuring ito upang matingnan namin ang aking pag-usad tungo sa mga layunin ko at kung kailangan naming baguhin ang anuman sa aking IPP.

Makakakuha ako ng kopya ng aking pinirmahang IPP bago magsimula ang mga bagay na nakasaad dito.



Mga Abiso at Pagpapayo

Ang **Mga Abiso/Pagpapayo** ay mga bagay na tinalakay sa akin ng aking Service Coordinator.



Ang **Taunang mga Pagpupulong sa IPP** - Maaari kong hilinging makipagmiting anumang oras na gusto ko, ngunit inirerekumenda na makipagmiting ako kahit na isang beses kada taon upang suriin ang aking IPP. Hindi ko kailangang maghintay para sa aking kaarawan o na tawagan ako ng aking Service Coordinator. Magandang ideya na makipagmiting kung magbago ang aking mga layunin o pangangailangan. Bukod dito, kung nais kong makipag-usap tungkol sa kung paano gumagana ang aking mga serbisyo.

Pagiging Kumpidensyal - Ang pribadong impormasyon na ibinahagi ko tungkol sa aking sarili sa Alta California Regional Center (ACRC) ay hindi maaaring ibahagi kahit kanino maliban kung sinabi ko na okay lang. May mga oras na maaaring ibahagi ng ACRC ang aking impormasyon kahit na hindi ko sabihin na okay lang. Mabuti para sa akin na malaman kung kailan dapat magbahagi ang ACRC ng impormasyon tungkol sa akin sa iba. Ang ilan sa mga panahong iyon ay kinabibilangan ng:



Kalusugan, kaligtasan, kapakanan - Kung maaari akong masaktan, maaaring magbahagi ang ACRC ng impormasyon tungkol sa akin.




Inaatas na Pag-uulat - Kung nalaman ng Service Coordinator ko na may taong nanakit sa akin, kailangan nilang sabihin ito sa isang tao.



Iba pang mga sitwasyon - Maaaring may iba pang mga pagkakataon na kailangang magbahagi ng aking Service Coordinator o ng regional center ng aking pribadong impormasyon. Kung nais kong malaman ang higit pa tungkol sa mga pagkakataong iyon, maaari akong humiling ng kopya ng batas.

Pagbabago ng Service Coordinator - Maaari akong humiling ng bagong Service Coordinator anumang oras na gusto ko. Karapatan kong kumuha ng bagong Service Coordinator kung humingi ako. Maaari kong tawagan ang regional center at hilinging makausap ang boss ng aking Service Coordinator.






Mga Reklamo - Kung sa tingin ko may taong nagkait sa akin o tinanggihan ang aking mga karapatan, maaari kong ipaalam sa Executive Director ng Alta California Regional Center (ACRC). Sisiyasatin nila ito at ipapaalam sa aking kung ano ang nangyari. Kung hindi ko gusto kung ano ang nangyari, maaari kong hilingin ang Estado na siyasatin ito.

Patakaran sa Whistleblower - Kung sa tingin ko may taong gumagawa ng maling bagay, maaari akong maghain ng reklamo ng Whistleblower. Makikita ang mga tagubilin sa paghain ng reklamo sa website ng [Alta California Regional Center](#).

Mga Ipinanumbalik na Aktibidad para sa Panlipunang Libangan -

Maaari kong hilingin sa Alta California Regional Center na bayaran ang mga masasayang bagay na hilig kong gawin.



Kopya ng aking IPP - Kukuha ako ng kopya ng aking IPP sa loob ng 30 araw mula sa aking pakikipagmiting. Kung mayroong bagay sa IPP na hindi ako sang-ayon, maaari kong hilingin na baguhin ito.



Tatalakayin sa akin ng aking Service Coordinator ang lahat ng nakaraang **Abiso at Pagpapayo.**

Pagiging Maa-access

Katutubo o Nais na Wika (Nakasulat at Sinasalita) - Bibigyan ako ng regional center ng impormasyon sa wikang nauunawaan ko. Halimbawa, kung nais kong nasa wikang Espanyol ang aking IPP, maaari itong isalin.



Mga Auxiliary Aide - Makikipag-usap ang regional center sa akin sa paraang nauunawaan ko. Halimbawa, kung hirap akong makarinig o bingi, maaari akong makakuha ng dagdag na mga suporta para sa aking pakikipagmiting.

Pagpapadala ng mga Notice of Action (NOA) -

Kailangan kong ipaalam sa aking Service Coordinator kung paano ko nais matanggap ang mga NOA na ipinapadala kapag hindi kami nagkakasundo sa mga serbisyo. Inililista ng NOA ang mga serbisyo na hindi namin sinang-ayunan at may impormasyon tungkol sa desisyon at mga karapatan ko



Pagboto - May karapatan akong bumoto at titiyakin ng Service Coordinator ko sa akin kung nais kong magparehistro. Maaari akong tulungan ng aking Service Coordinator na magparehistro para makaboto kung gugustuhin ko.

Email contact - Maaari kong ibigay sa Service Coordinator ko ang aking email address kung gugustuhin ko. Kung wala akong email o ayaw kong ibigay ito, hindi ko kailangang gawin ito. Magandang paraan ang email para makapagbahagi ng impormasyon kaagad. Kakailanganing i-encrypt ng aking Service Coordinator ang anumang email na may personal impormasyon ko. Ang pag-encrypt ay nangangahulugan na magiging ligtas ito at protektado at kakailanganin ng password para mabuksan.

Upang tapusin ang aking pakikipagmiting tungkol sa IPP...

Mga Lagda - Ako at ang mga taong tumutulong sa akin na gumawa ng aking IPP ang dapat pumirma sa IPP. Kailangan kong pirmahan ang aking IPP bago ito masisimulan.



Mga Tala

A series of horizontal lines for writing, with a yellow brushstroke underline.



Alta California
Regional Center